

Pag-iwas sa Coronavirus (COVID-19):

Pangkalahatang Kailangan sa Lugar ng Trabaho - BUOD

Ipinag-uutos ng Department of Labor & Industries (L&I) sa mga employer na magbigay ng mga ligtas at malusog na lugar ng trabaho at ipatupad ang utos ng Gobernador para iwasan ang pagkalat ng coronavirus.

Ipinag-uutos na Pangkalahatang Kailangan sa mga Employer

Pagdistansiya sa Kapwa

- Tiyaking may hindi bababa sa 6 na talampakang layo ang mga empleyado mula sa kasamahan sa trabaho at sa publiko kung maaari.
- Kung hindi posible ang pagdistansiya sa kapwa, gumamit ng mga hadlang at iba pang napatunayang paraan sa pag-iwas para iwasan ang pagkalat ng coronavirus.
- Tiyakin ang paggamit ng mga pantakip sa mukha, mask o respirator kapag hindi hindi posible ang pagdistansiya sa kapwa.

Madalas at Sapat na Paghuhugas ng Kamay

- Magbigay ng mga pasilidad para sa paghuhugas ng kamay na nasa iisang lugar o maaaring ilipat ng puwesto na may malinis at mainit o maligamgam na tubig, sabon, at mga paper towel.
- Ipag-utos ang paghuhugas ng kamay kapag dumating sa trabaho, nagpapahinga, gumagamit ng banyo, bago at pagkatapos kumain, umiinom o naninigarilyo, at pagkatapos humawak sa mga kontaminadong bagay.
- Maglagay ng mga estasyon ng hand sanitizer/supply, wipes, o towelette sa mga portable na lagayan para pangasiwaan ang madalas na pag-sanitize ng kamay (sa pagitan ng paghuhugas ng kamay) pagkatapos humawak ng mga bagay na nahawakan na ng iba.

Paulit-ulit at Karagdagang Paglilinis at Pag-sanitize

- Magtalaga ng iskedyul sa paglilinis na kabilang ang madalas na paglilinis at pag-sanitize
- Tiyakin ang sapat na supply para sa mas masinop na paglilinis at pag-sanitize pagkatapos ng isang pinaghihinalaang kaso ng COVID-19.
- Madalas na i-disinfect ang mga bagay na madalas hawakan
- Tiyakin na gumagamit ang mga empleyado ng mga pamprotektang guwantes at proteksyon sa mata/mukha kapag humahawak ng mga kemikal.
- Tiyaking malinis at na-disinfect ang mga sasakyang ginagamit ng marami sa bawat pagkakataon na may ibang gumagamit ng sasakyan at nang regular kapag iisang tao ang gumagamit nito.
- Isulat sa mga Safety Data Sheet (SDSs) ang lahat ng disinfectant sa site.

Magtalaga ng Pamamaraan Para sa mga May Sakit na Manggagawa

- Ipag-utos sa mga may sakit na manggagawa na manatili sa bahay o manatiling nakabukod kung nananatili sila sa pabahay ng kompanya.
- Tukuyin at pauwiin o ihiwalay ang mga manggagawa na nakakararanas ng mga sintomas ng sakit na COVID-19.
- Maglagay ng pansamantalan harang sa mga lugar hanggang sa masinop na itong nalinis at na-sanitize pagkatapos ng mga ulat na may empleyadong pinaghihinalaan o kumpirmadong sakit na COVID-19.

Edukasyon ng Empleyado tungkol sa mga Panganib sa Lugar ng Trabaho kaugnay ng COVID-19

Sa wikang pinakanauunawaan ng mga empleyado, tiyakin na alam nila ang:

- Mga palatandaan, sintomas, at salik sa panganib na kaugnay ng sakit na COVID-19.
- Paano maiwasan ang pagkalat ng coronavirus sa trabaho.
- Paano mabisang huhugasan ang mga kamay gamit ang sabin at tubig sa loob ng hindi bababa sa 20 segundo.
- Ang kahalagahan ng pagtatakip ng pag-ubo at pagbahing, at hindi paghawak sa mukha gamit ang mga kamay na hindi nahugasan.

* Isa itong buod. Para sa higit pang detalye, tingnan ang F414-164-000 *Coronavirus (COVID-19) Prevention: General Requirements and Prevention Ideas for Workplaces*.